

2. Maaari ding makibalita sa mga kabarangay para sa partikular na sitwasyon ng inyong lugar.
3. Siguraduhing ang mga gamit pang-emergency ay nasa lalagyang hindi nababasa.
4. Punuin ang lagayan ng tubig. Ilagay sa plastik na supot ang mga ekstrang damit, delatang pagkain, kandila, posporo, baterya at iba pang mahahalagang gamit.
5. Mag-ingat sa mata ng bagyo. Ito ang biglang pagtigil ng hangin at ulan, at kalmado ang paligid sa isang lugar pero pagkaraan ay darating ang mas malakas na hangin at ulan.

6. Manatili sa loob ng bahay hanggang matapos ang bagyo.

7. Kung kinakailangang lumikas, tiyaking nakapatay ang kuryente sa bahay, nakasara ang tangke ng gas at isusi ang pinto. Huwag kalimutan ang mga gamit pang-emergency.



Pagkatapos ng bagyo

1. Kung galing sa evacuation, tiyakin na ligtas nang bumalik sa inyong lugar.
2. Kumpunihin ang mga nasirang parte ng bahay.
3. Siguraduhing maayos ang mga linya at saksakan ng kuryente bago gamitin uli.
4. Tumulong sa pag-aayos ng mga nasirang pasilidad tulad ng paaralan, linya ng tubig, simbahan at iba pa sa komunidad.



Ginamit na sanggunian ang mga flyers ng READY Project ng NDCC, PH/VOLCS, PAGASA, MGB, NAMRIA

Unang inilathala ng Strengthening Assets and Capacities of Communities and Local Governments for Resilience to Disasters (ACCORD Project)



Muling inilimbag ng

DRR Activity-linked Humanitarian Assistance to Vulnerable households in the Philippines affected by Nesat and Nalgae (N & N Project)

At ng

Immediate humanitarian response to the populations most affected by Typhoon Washi in the Philippines (WASHI Project)



Ano ang bagyo?

- Ang bagyo ay malakas na hanging kumikilos ng paikot at madalas ay may kasamang malakas at matagal na pag-ulan.

- Ito ang hazard na nagdudulot ng pinakamalaking pinsala sa Pilipinas taon taon ayon sa bilang ng tao at ari-ariang naapektuhan.



Bakit madalas na makaranas ng bagyo ang Pilipinas?

Ang bagyo ay nabubuo mula sa maiinit at malalawak na katubigan katulad ng Pacific Ocean. Ang Pilipinas ay nakapuwesto sa isang typhoon belt kung saan lahat halos ng namumuong bagyo mula sa North Pacific Basin ay pumapasok sa teritoryo nito. Bulnerable ang bansa sa bagyo dahil sa pagkakapuwesto nito sa may Pacific Ocean.

Aling mga lugar ang madalas na tamaan ng bagyo?

Madalas na tamaan ng bagyo ang mga lugar sa Hilagang Luzon, Gitnang Luzon, Bikol at Silangang Bisaya.

Ano ang ibig sabihin ng mga typhoon signal ng Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration o PAGASA?

Signal Number 1

- May paparating na bagyong may lakas ng hangin na 30-60 kilometers per hour (kph)
- Inaasahan ang pagdating nito pagkalipas ng 36 na oras

Signal Number 2

- Ang parating na bagyo ay may lakas ng hangin na 60-100 kph
- Inaasahang mararanasan ang epekto ng bagyo pagkalipas ng 24 oras

Signal Number 3

- Ang bagyo ay may taglay na lakas ng hanging higit pa sa 100 kph
- Inaasahang mararanasan ito pagkalipas ng 18 oras

Signal Number 4

- Isang napakalakas na bagyo na may taglay na hanging ang lakas ay higit sa 185 kph ang parating
- Inaasahang mararanasan ito pagkalipas ng 12 oras

Ano-ano ang maaaring gawin na paghahanda sa bagyo?

Bago dumating ang bagyo

1. Ihanda ang radyo, flashlight at mga ekstrang baterya para sa mga ito.
2. Maghanda ng pang-emergency na pagkain, tubig na inumin, first aid kit, gamot at iba pang gamit tulad ng mga damit, kumot at plastik na supot.
3. Kumpunihin ang mga parte ng bahay tulad ng bubong at mga bintana para di masira sa malakas na hangin.
4. Putulin ang mahahabang sanga ng mga punongkahoy na malapit sa bahay.



Habang bumabagyo

1. Ugaliing makinig sa radyo o manood ng telebisyon para sa regular na anunsyo o babala tungkol sa kalagayan ng bagyong paparating. Ang PAGASA ay naglalabas ng anunsyo dalawang beses o mas madalas pa sa loob ng isang araw.